2026 Volume: 02 Issue: 06 www.ijrpa.com ISSN 2456-9995 Research Article

International Journal Research Publication Analysis

Page: 01-52

# APLIKASYON NG SOSYO-EMOSYONAL NA LITERASIYA KAUGNAY NG ANTAS NG KRITIKAL NA PAG-IISIP NG MGA MAG-AARAL: BATAYAN SA MGA REKOMENDASYONG PEDAGOHIKAL

***Ladyjoy S. Casaños**

*Master Teacher I- Comprehensive National High School Cahulugan, Gingoog City.*

**Article Received: 5 May 2026**
**Article Revised: 25 May 2026**
**Published on: 15 June 2026**

***Corresponding Author: Ladyjoy S. Casaños**
Master Teacher I- Comprehensive National High School Cahulugan, Gingoog City.

DOI: https://doi-doi.org/101555/ijrpa.8248

**ABSTRAK**

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng aplikasyon ng Sosyo-Emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa persepsyon ng mga guro at ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa mga kasanayang pagsusuri ng impormasyon, lohikal na pangangatwiran, ebalwasyon ng ideya at argumento, at pagbubuo ng matalinong konklusyon. Sinuri rin nito kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng aplikasyon ng SEL at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo-korelasyonal na disenyo. Lumahok ang tatlumpung (30) guro sa Filipino at siyamnapung (90) mag-aaral mula sa mga piling paaralan sa Dibisyon ng Lungsod ng Gingoog. Ginamit ang weighted mean upang masukat ang antas ng aplikasyon ng SEL, Mean Percentage Score (MPS) para sa kritikal na pag-iisip, at Pearson r para sa pagsusuri ng ugnayan ng dalawang baryabol.

Ipinakita ng resulta na napakataas ang antas ng aplikasyon ng SEL sa pagtuturo ng Filipino na may pangkalahatang mean na 4.58. Natuklasan din na mataas ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral na may pangkalahatang MPS na 79.95. Pinakamataas ang kasanayan sa pagbubuo ng matalinong konklusyon (MPS = 84.67), samantalang pinakamababa ang ebalwasyon ng ideya at argumento (MPS = 67.78). Gayunpaman, lumabas sa pagsusuri na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng aplikasyon ng SEL at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ($r = 0.1435$, $p = 0.449 > 0.05$), kaya tinanggap ang null hypothesis.

Batay sa mga natuklasan, napag-alamang mataas ang antas ng aplikasyon ng SEL at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, subalit hindi ito nagpapakita ng tuwirang estadistikang ugnayan. Inirerekomenda ang pagpapatibay ng mga estratehiyang pampagtuturo na nakatuon

sa argumentasyon, pagsusuri ng bias, ebalwasyon ng mga ideya at argumento, at iba pang gawaing humuhubog sa mataas na antas ng pag-iisip upang higit na mapaunlad ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

**SUSING SALITA:** Sosyo-Emosyonal na Literasiya (SEL), asignaturang Filipino, kritikal na pag-iisip, ebalwasyon ng ideya at argumento, deskriptibo-korelasyonal na pag-aaral.

## PANIMULA

Sa kasalukuyang kalagayan ng edukasyon, higit nang kinikilala na ang pagkatuto ay hindi lamang nasusukat sa paglinang ng akademikong kakayahan kundi maging sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan ang kanilang sarili, makipag-ugnayan nang mabisa sa kapwa, at gumawa ng matalinong pagpapasya.

Sa ganitong pananaw, ang Sosyo-Emosyonal na Literasiya (SEL) ay itinuturing na mahalagang salik sa holistikong pag-unlad ng mga mag-aaral sapagkat iniuugnay ito sa mas matatag na kalusugang emosyonal, positibong pag-uugali, at mas mataas na antas ng pagkatuto.

Sa pandaigdigang antas, ipinakikita ng mga pag-aaral na ang sistematikong integrasyon ng SEL ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip at akademikong tagumpay ng mga kalahok sa pagkatuto, na umaalinsunod din sa mga adhikain ng Sustainable Development Goals, lalo na ng SDG 3 at SDG 4 (Greenberg, 2023; Martínez & Gómez, 2024; Nanda et al., 2025; Storey, 2020).

Kaugnay nito, mahalaga ring malinang ang kritikal na pag-iisip bilang isa sa mga pangunahing kasanayan sa ika-21 siglo. Sa konteksto ng asignaturang Filipino, mahalaga ang kasanayang ito upang mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng impormasyon, lohikal na pangangatwiran, pag-eebalwasyon ng mga ideya at argumento, at pagbuo ng matalinong konklusyon. Ipinahihiwatig ng umiiral na literatura na may malapit na ugnayan ang Social-Emotional Learning (SEL) at kritikal na pag-iisip, sapagkat ang mga kasanayang sosyo-emosyonal ay nagsisilbing pundasyon ng mas malalim na pag-unawa, lohikal na pagpoproseso ng impormasyon, at responsableng paghatol sa mga suliraning akademiko at panlipunan (Alesna-Tuñacao, 2024; Arslan & Demirtaş, 2016; Megawati & Mukminatien, 2023; Pasco & Cruz, 2023; Segal & Biton, 2024).

Sa rehiyon ng ASEAN, lumilitaw ang lumalawak na pagkilala sa halaga ng SEL sa pagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan, kamalayang pansarili, at responsableng pagpapasya ng mga mag-aaral. Halimbawa, sa Singapore, malinaw na naipapasok ang mga prinsipyong

kaugnay ng SEL sa kurikulum sa pamamagitan ng mga programang nakatuon sa paghubog ng pagkatao at pagkamamamayan, na sumusuporta rin sa masusing pagsusuri ng teksto at sa pagbuo ng lohikal na argumento. Ipinakikita nito na sa antas ng rehiyon, kinikilala ang SEL bilang mahalagang sangkap sa paghubog ng mga kasanayang kognitibo at panlipunan na kinakailangan sa makabagong edukasyon (Katrimah, 2025; Sa Pilipinas, unti-unti nang naisasama ang sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) sa mga gawaing pangkurikulum at pampagtuturo. May mga inisyatibang nagpapakita ng pagpapahalaga sa paglinang ng kasanayang sosyo-emosyonal ng mga mag-aaral, at may mga pag-aaral ding nag-uulat ng ambag nito sa partisipasyon, pagkatatag, at pag-unawa sa pagkatuto. Gayunman, nananatiling limitado ang kontekstwalisadong ebidensiya hinggil sa kung paano tuwirang naiuugnay ang SEL sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip sa asignaturang Filipino, lalo na sa antas ng Junior High School. Dagdag pa rito, nahaharap ang mga guro sa hamon ng kakulangan sa sapat na pagsasanay, kagamitan, at patuloy na suportang institusyonal upang maisagawa ang sistematikong integrasyon ng SEL sa pagtuturo (Abudu et al., 2025; Dyson et al., 2021; Malta et al., 2024; Molina et al., 2025; Song et al., 2022).

Sa lokal na konteksto ng Dibisyon ng Gingoog, higit na lumilitaw ang puwang sa pananaliksik hinggil sa aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at sa kaugnayan nito sa antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa Junior High School. Bagama’t kinikilala na ang kahalagahan ng SEL at ng kritikal na pag-iisip sa pagkatuto, nananatiling limitado ang lokal, kontekstuwal, at asignaturang tiyak na ebidensiyang maaaring magsilbing batayan ng mga gurong Filipino at ng pamunuan ng paaralan sa pagpapahusay ng pagtuturo.

Higit pa rito, ang kakulangan sa kontekstuwalisadong kagamitang panturo, sapat na pagsasanay ng mga guro, at tuloy-tuloy na suportang institusyonal ay maaaring makaapekto sa lawak at bisa ng integrasyon ng SEL sa silid-aralan. Dahil dito, kinakailangan ang isang pag-aaral na hindi lamang maglalarawan sa antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng Filipino, kundi susuri rin sa kaugnayan nito sa antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral upang makapagbigay ng mas tiyak na batayan sa mga rekomendasyong pedagohikal para sa asignatura at sa lokal na sistemang pang-edukasyon

**Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Ang integrasyon ng Sosyo-Emosyonal na Literasiya (SEL) sa mga prosesong pedagohikal ay kinikilala bilang mahalagang salik sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa kontemporaryong larangan ng edukasyon, hindi na lamang binibigyang-tuon ang

paglinang sa aspektong kognitibo kundi maging ang paghubog sa dimensyong emosyonal at panlipunan bilang mahalagang bahagi ng holistikong pagkatuto. Dahil dito, dumarami ang mga pag-aaral na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng SEL bilang mabisang lapit sa pagpapaunlad ng mas mataas na antas ng pag-iisip, partikular sa pagsusuri, ebalwasyon, at pagbuo ng matalinong desisyon.

Gayunpaman, sa kabila ng lumalawak na interes hinggil sa SEL, nananatiling limitado ang mga empirikal na pag-aaral na nakatuon sa lokal na konteksto ng Pilipinas, lalo na sa asignaturang Filipino sa antas ng Junior High School. Karamihan sa umiiral na literatura ay nakasentro sa pangkalahatang aplikasyon ng SEL at hindi tuwirang sinusuri ang kaugnayan nito sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip sa pagtuturo ng Filipino. Bunga nito, mahalagang masuri ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral hinggil sa mga pangunahing dimensyon ng SEL at sa mga kasanayang kognitibong kaugnay ng kritikal na pag-iisip upang makabuo ng matibay na batayang teoretikal at empirikal para sa kasalukuyang pananaliksik.

Ipinakikita sa iba't ibang literatura na ang kamalayang pansarili ay mahalagang sangkap sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan ang sariling damdamin, pagpapahalaga, lakas, at kahinaan. Itinuturing itong pundasyon ng mas mataas na prosesong kognitibo sapagkat hinuhubog nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsagawa ng introspeksiyon at masusing pagsusuri sa sariling pananaw bago humarap sa mas komplikadong pag-aanalisa ng panlabas na impormasyon. Sa konteksto ng asignaturang Filipino, nagiging mahalaga ang dimensyong ito sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang emosyonal na tugon at personal na karanasan kaugnay ng mga akdang pampanitikan at mga isyung panlipunang tinatalakay sa klase. Sa pamamagitan ng mga gawaing replektibo tulad ng reflective journal, pagsusulat ng salaysay, at pagninilay sa mga tekstong binabasa, higit na napalalawak ang kanilang kakayahang magsuri at magbigay-kahulugan sa mga karanasang pantao.

Samantala, ang pamamahala ng emosyon ay tumutukoy sa kakayahang regulahin at pamahalaan ang emosyon, pag-iisip, at pag-uugali sa iba't ibang sitwasyon. Mahalaga ang dimensyong ito sa proseso ng pagkatuto sapagkat nakatutulong ito upang mapanatili ng mga mag-aaral ang konsentrasyon, motibasyon, at disiplina sa kabila ng mga hamon at suliraning emosyonal na kanilang nararanasan. Ipinahihiwatig ng mga kaugnay na pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng emosyonal na regulasyon ay higit na nagiging matiyaga, responsable, at epektibo sa pagganap ng mga gawaing akademiko. Sa asignaturang Filipino, mahalaga ito sa mga gawaing nangangailangan ng masusing pagsusuri at matagal na

pagpoproseso ng impormasyon tulad ng kritikal na pagbasa, interpretasyon ng akda, at pagsulat ng analitikal na sanaysay. Kaugnay nito, iniuugnay sa mga mabisang estratehiya ang reflective journaling, mindfulness activities, at wellness breaks upang higit na mapatatag ang emosyonal na kalagayan ng mga mag-aaral habang nakikibahagi sa mga gawaing intelektuwal.

Bukod dito, binibigyang-diin din sa mga literatura ang kahalagahan ng kamalayang panlipunan sa pagpapaunlad ng empatiya at pag-unawa sa iba't ibang pananaw, karanasan, at mga kontekstong panlipunan. Sa pamamagitan ng dimensyong ito, natututuhan ng mga mag-aaral na kilalanin at igalang ang pagkakaiba-iba ng kultura, paniniwala, at mga perspektiba ng iba. Sa asignaturang Filipino, naipamamalas ito sa masusing pagsusuri ng mga tauhan, suliranin, at mga isyung panlipunang nakapaloob sa mga akdang pampanitikan. Ipinakikita rin sa mga pag-aaral na ang panitikan ay nagsisilbing daluyan upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang damdamin, motibasyon, at kalagayang panlipunan ng iba't ibang indibidwal. Dahil dito, higit na nahuhubog ang kanilang kakayahang maging mapanuri, makatao, at sensitibo sa mga usaping panlipunan. Kabilang sa mga estratehiyang iniuugnay rito ang role-playing, debate, at kolaboratibong diskusyon na humahamon sa mga mag-aaral na timbangin at suriin ang iba't ibang pananaw at mga realidad sa lipunan.

Kaugnay nito, mahalaga rin ang kasanayan sa pakikipag-ugnayan upang mapalalim ang kritikal na pag-iisip at makabuluhang partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Kabilang dito ang malinaw at epektibong komunikasyon, aktibong pakikinig, kooperasyon, at responsableng pakikisalamuha sa iba. Sa ganitong paraan, ipinakikita sa mga literatura na ang mga gawaing kolaboratibo ay nakatutulong sa pagpapalawak ng pananaw ng mga mag-aaral sapagkat natututuhan nilang pakinggan, suriin, at igalang ang opinyon ng iba habang malinaw ding naipahahayag ang kanilang sariling ideya at paninindigan. Sa pagtuturo ng Filipino, naisasabuhay ito sa pamamagitan ng debate, pangkatang talakayan, kolaboratibong pagsulat, at pagsusuri ng mga napapanahong isyu. Dahil dito, higit na nalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa lohikal na pangangatwiran, pagbuo ng argumento, at responsableng pakikilahok sa diskurso.

Samantala, ang responsableng pagpapasya ay tumutukoy sa kakayahang bumuo ng makatwiran, makatarungan, at etikal na pagpapasya batay sa masusing pagsusuri sa mga posibleng epekto at implikasyon ng isang kilos o desisyon. Pinagsasama nito ang lohikal na pag-iisip at etikal na paghuhusga sa pagharap sa mga suliraning akademiko at panlipunan. Sa asignaturang Filipino, naipamamalas ito sa pagsusuri ng mga moral at panlipunang suliraning

kinahaharap ng mga tauhan at sa pagbuo ng sariling paghatol hinggil sa angkop na kilos batay sa konteksto at implikasyon ng mga pangyayari sa akda. Ipinakikita sa mga literatura na ang mga gawaing nakatuon sa pagsusuri ng suliranin, pagtitimbang ng iba't ibang pananaw, at pagbuo ng solusyon ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng lohikal at etikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, iniuugnay ang kritikal na pag-iisip sa mas mataas na antas ng prosesong kognitibo na nakapaloob sa Bloom's Taxonomy at sa Revised Bloom's Taxonomy. Kabilang dito ang pagsusuri, ebalwasyon, at paglikha ng mga ideya at konklusyon batay sa ebidensya at lohikal na pag-uusad. Sa pag-aaral na ito, binibigyang-tuon ang apat na pangunahing dimensyon ng kritikal na pag-iisip: pagsusuri ng impormasyon, lohikal na pangangatwiran, ebalwasyon ng mga ideya at argumento, at pagbubuo ng matalinong konklusyon.

Ang pagsusuri ng impormasyon ay tumutukoy sa kakayahang tukuyin, pag-ugnayin, at suriin ang mahahalagang detalye, konsepto, at relasyon ng mga ideyang nakapaloob sa isang teksto. Sa asignaturang Filipino, naipamamalas ito sa pagsusuri ng banghay, tauhan, simbolismo, pananaw, at mga temang nakapaloob sa mga akdang pampanitikan. Higit pa rito, kabilang din dito ang kakayahang pag-ibahin ang katotohanan at opinyon, tukuyin ang kredibilidad ng impormasyon, at bumuo ng interpretasyong nakabatay sa ebidensya. Dahil dito, mahalagang gamitin sa pagtuturo ang mga estratehiyang tulad ng cause-and-effect analysis, fact-versus-opinion activities, at source evaluation upang higit pang malinang ang mapanuri at responsableng paggamit ng impormasyon.

Samantala, ang lohikal na pangangatwiran ay tumutukoy sa paggamit ng ebidensya, katuwiran, at sistematikong pagsusuri upang makabuo ng makatwiran at lehitimong konklusyon. Sa pagtuturo ng Filipino, mahalaga ito sa pagsusuri ng mga argumento, kilos ng mga tauhan, at mga isyung panlipunang nakapaloob sa akda. Sa pamamagitan ng mga gawaing nakatuon sa argumentasyon, pagsusuri ng sanhi at bunga, at pagkilala sa lohikal at di-lohikal na mga pahayag, higit na nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng makatwiran at mapanuring pananaw.

Ang ebalwasyon ng mga ideya at argumento naman ay tumutukoy sa kakayahang humusga sa katumpakan, kredibilidad, bisa, at kabuluhan ng mga pananaw at impormasyong nakapaloob sa teksto. Sa prosesong ito, natututuhan ng mga mag-aaral na kilalanin ang mga posibleng bias, suriin ang lakas at kahinaan ng mga argumento, at bumuo ng sariling paghatol batay sa lohika at ebidensya. Ipinakikita sa mga literatura na mahalaga ang aktibong pakikilahok ng

mga mag-aaral sa mga diskurso at gawaing analitikal upang higit pang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa mapanuring pag-iisip at obhetibong paghuhusga.

Samantala, ang pagbubuo ng matalinong konklusyon ay itinuturing na isa sa pinakamataas na antas ng kritikal na pag-iisip sapagkat nangangailangan ito ng sintesis ng impormasyon, masusing pagsusuri ng ebidensya, at paglikha ng makatwiran at makabuluhang desisyon. Sa asignaturang Filipino, naisasagawa ito sa pamamagitan ng replektibong sanaysay, pagbuo ng sintesis ng akda, at paglalapat ng mga aral sa mga aktuwal na karanasan sa buhay. Gayunpaman, ipinakikita rin ng mga pag-aaral na nananatiling hamon sa ilang mag-aaral ang pagbuo ng matibay at lohikal na konklusyon dahil sa limitadong kakayahan sa pagsusuri at pangangatwiran. Dahil dito, mahalagang gumamit ng mga estratehiyang pampagtuturo na nakatuon sa mas malalim na pagsusuri, pagninilay, at argumentasyon upang higit pang mapalawak ang kanilang kakayahan sa kritikal na pag-iisip.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral na ang sistematikong integrasyon ng Sosyo-Emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng Filipino ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paglinang ng kamalayang pansarili, pamamahala ng emosyon, kamalayang panlipunan, kasanayan sa pakikipag-ugnayan, at responsableng pagpapasya, higit na napauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng impormasyon, lohikal na pangangatwiran, ebalwasyon ng mga ideya at argumento, at pagbubuo ng matalinong konklusyon. Gayunman, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na nakatuon sa lokal na konteksto ng pagtuturo ng Filipino sa antas ng Junior High School. Dahil dito, mahalaga ang kasalukuyang pananaliksik upang higit na mapalawak ang pag-unawa sa aplikasyon ng SEL at sa kaugnayan nito sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Layunin ng pag-aaral na ito na ilarawan at suriin ang ugnayan ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa Junior High School sa Dibisyon ng Gingoog City. Tinatangkang sagutin ng pag-aaral ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa persepsyon ng mga guro, kung isasaalang-alang ang mga sumusunod na dimensyon:

1.1. Kamalayang pansarili;

1.2. pamamahala ng emosyon;
1.3. kamalayang panlipunan;
1.4. kasanayan sa pakikipag-ugnayan; at
1.5. Responsableng pagpapasya?

2. Ano ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino batay sa mga sumusunod na kasanayan:
2.1. pagsusuri ng impormasyon;
2.2. lohikal na pangangatwiran;
2.3. ebalwasyon ng ideya at argumento; at
2.4. Pagbubuo ng matalinong konklusyon?

3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at ng antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral?

4. Ano-anong rekomendasyong pedagohikal ang maaaring mabuo batay sa mga natuklasan ng pag-aaral hinggil sa aplikasyon ng sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) at sa antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral?

**Haypotesis**

$H_{01}$: Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at ng antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

## 2. METODOLOHIYA

### *2.1 Desinyo ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong deskriptibo-korelasyonal upang ilarawan ang antas ng aplikasyon ng sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, gayundin upang suriin ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Hindi nito minamanipula ang mga baryabol, kundi inilalarawan ang kasalukuyang kalagayan at sinusuri ang ugnayan batay sa mga datos na nakalap.

Sa pag-aaral na ito, ang independyenteng baryabol ay ang antas ng aplikasyon ng sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa persepsyon ng mga guro. Ito ay sinuri sa limang dimensiyon: kamalayang pansarili, pamamahala ng

emosyon, kamalayang panlipunan, kasanayan sa pakikipag-ugnayan, at responsableng pagpapasya. Samantala, ang dependyenteng baryabol ay ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, na sinuri sa apat na dimensiyon: pagsusuri ng impormasyon, lohikal na pangangatwiran, ebalwasyon ng ideya at argumento, at pagbubuo ng matalinong konklusyon.

Sa pamamagitan ng disenyong ito, nailalarawan ang lawak ng aplikasyon ng sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) sa pagtuturo ng Filipino at nasusuri kung may kaugnayan ito sa antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyong pedagohikal para sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng Filipino at sa higit pang pagpapalalim ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

### *2.2 Respondante ng Pananaliksik*

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng tatlumpung (30) guro sa asignaturang Filipino at siyamnapung (90) mag-aaral mula sa mga piling paaralan sa Dibisyon ng Lungsod ng Gingoog. Ang bilang ng mga guro ay itinuring na sapat para sa pag-aaral sapagkat ang mga gurong ito ang nakatugon sa itinakdang pamantayan sa mga piling paaralan sa sampung distrito ng Dibisyon ng Lungsod ng Gingoog.

Samantala, ang bilang ng mag-aaral ay itinakda batay sa disenyo ng pag-aaral na kumukuha ng tig-tatlong mag-aaral mula sa bawat gurong kalahok upang magkaroon ng kaukulang katambal na datos para sa pagsusuri ng ugnayan ng dalawang baryabol. Bagama't hindi nito kinakatawan ang buong populasyon ng mga mag-aaral sa dibisyon, ang estratehiyang ito ay sapat sa konteksto ng deskriptibo-korelasyonal na disenyo ng pag-aaral, lalo na't ang tuon ay ang pagbuo ng pares ng datos sa antas ng bawat gurong kalahok at ng kaugnay na datos mula sa mga mag-aaral.

Upang mabawasan ang pagkiling sa pagpili ng mga mag-aaral at mapalakas ang pagiging patas sa pagpili ng sampol, mula sa bawat gurong kalahok ay isinama ang tatlong (3) mag-aaral sa pag-aaral upang masukat ang antas ng kritikal na pag-iisip. Ang tatlong kalahok sa bawat klase ay pinili sa pamamagitan ng simpleng random sampling mula sa opisyal na talaan ng klase ng gurong kalahok. Sa ganitong paraan, naiiwasan ang lubusang pagdepende sa personal na pagpili ng guro.

Gayunman, kinikilala ng mananaliksik na ang isa sa mga pamantayan sa pagpili ng mga gurong kalahok—ang pagdalo sa mga seminar o pagsasanay na may kaugnayan sa sosyo-emosyonal na literasiya (SEL)—ay maaaring magdulot ng mas mataas na antas ng kamalayan at persepsyon sa kanilang sariling aplikasyon ng SEL kumpara sa mga karaniwang guro. Dahil dito, isinasaalang-alang ang posibilidad ng selection bias sa pag-interpret ng mga resulta ng pag-aaral.

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng distribusyon ng mga gurong kalahok at mga mag-aaral ayon sa mga lugar na sakop ng pag-aaral sa sampung distrito sa Dibisyon ng Gingoog City. Isinagawa ang maayos na proseso ng paghingi ng pahintulot upang matiyak ang etikal na pagsasagawa ng pag-aaral, lalo na't hindi lamang mga guro ang mga respondente kundi maging ang ilan sa mga tinuruang mag-aaral.

**Talahanayan 1:** ***Distribusyon ng mga Kalahok.***

| Distrito | Bilang ng mga Guro sa Asignaturang Filipino | Bilang ng mga Mag-aaral |
|---|---|---|
| North I | 3 | 9 |
| North II | 3 | 9 |
| North III | 3 | 9 |
| East I | 3 | 9 |
| East II | 3 | 9 |
| West I | 3 | 9 |
| West II | 3 | 9 |
| West III | 3 | 9 |
| South I | 3 | 9 |
| South II | 3 | 9 |
| **Total** | **30** | **90** |

### *2.3 Lokasyon ng Pag-aaral*

Isinagawa ang pag-aaral sa mga piling paaralan sa Dibisyon ng Lungsod ng Gingoog, Rehiyon X, Hilagang Mindanao, Pilipinas. Pinili ang lugar na ito sapagkat ito ang lokal na konteksto ng pag-aaral kung saan nais siyasatin ang antas ng aplikasyon ng sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) sa pagtuturo ng Filipino at ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa Junior High School.

Natatanging mahalaga ang Dibisyon ng Lungsod ng Gingoog bilang lugar ng pananaliksik sapagkat binubuo ito ng mga paaralang nagmumula sa iba't ibang distrito na may magkakaibang kalagayang panlipunan at pang-edukasyon. Dahil dito, nakapagbibigay ito ng

mas kontekstwalisado at komprehensibong larawan ng pagpapatupad ng Sosyo-Emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng Filipino sa antas ng Junior High School.

Bilang lokal na konteksto ng mananaliksik, mahalaga ang lugar na ito bilang pinagkukunan ng empirikal na datos upang matukoy kung paano naiuugnay ang mga praktikang panturo sa aktuwal na antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, higit na magiging angkop at nakaangkla sa pangangailangan at kalagayan ng mga paaralan sa dibisyong ito ang mga rekomendasyong mabubuo mula sa pag-aaral.

### *2.4 Instrumento ng Pananaliksik*

Ang Dalawang pangunahing instrumento ang ginamit sa pag-aaral upang masukat ang mga baryabol: (1) istrukturadong talatanungan para sa mga guro; at (2) pagsusulit sa kritikal na pag-iisip para sa mga mag-aaral.

Ang istrukturadong talatanungan ay ginamit upang matukoy ang antas ng aplikasyon ng sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang mga pahayag sa talatanungan ay nakaayon sa limang dimensiyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL): kamalayang pansarili, pamamahala ng emosyon, kamalayang panlipunan, kasanayan sa pakikipag-ugnayan, at responsableng pagpapasya.

Ang instrumento ay binuo ng mananaliksik o researcher-made, batay sa mga kaugnay na literatura at estandardisadong sukatan ng SEL, at isinakonteksto sa pagtuturo ng Filipino sa antas ng Junior High School. Ang pagsusulit sa kritikal na pag-iisip, na binuo rin ng mga mananaliksik batay sa mga kasanayang inaasahang malilinang sa mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, ay ginamit upang masukat ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa asignaturang ito. Ang pagsusulit ay binubuo ng mga aytem na nakaayon sa apat na dimensiyon: pagsusuri ng impormasyon, lohikal na pangangatwiran, ebalwasyon ng ideya at argumento, at pagbubuo ng matalinong konklusyon.

Upang higit pang matiyak ang balidong nilalaman ng mga instrumento, isinailalim ang mga ito sa masusing pagsusuri ng mga dalubhasa sa larangan ng pananaliksik, pagtuturo ng Filipino, at pagsukat at ebalwasyon. Sinuri ng mga tagapagbalidasyon ang mga instrumento batay sa antas ng kalinawan, kaugnayan, at kaangkupan ng bawat aytem sa mga dimensiyong sinusukat. Batay sa resulta ng ebalwasyon, nakapagtamo ang bawat pamantayan ng mataas na antas ng kaangkupan na nagbunga ng Content Validity Index (CVI) na 1.00. Ipinahihiwatig

nito na ang mga instrumento ay nagtataglay ng napakataas na antas ng content validity at nararapat gamitin sa kasalukuyang pag-aaral. Bukod dito, isinama rin sa pagrerebisa ng mga instrumento ang mahahalagang mungkahi at rekomendasyon ng mga eksperto bago isagawa ang pilot testing at ang reliability analysis.

Bilang karagdagan, ang pagsusulit sa kritikal na pag-iisip ay sinasamahan ng Talahanayan ng Espesipikasyon (TOS) upang maipakita ang malinaw na pagkakatugma ng bawat aytem sa kasanayang sinusukat at sa nilalaman ng asignaturang Filipino.
Isinagawa rin ang pilot testing upang masuri ang pagiging maaasahan ng mga instrumento. Ang pilot test ay isinagawa sa anim (6) na guro sa Filipino at labing-walong (18) mag-aaral mula sa Medina Comprehensive National High School, Dibisyon ng Misamis Oriental, na hindi kalahok sa mismong pag-aaral ngunit may katulad na katangian ng target na kalahok.

Upang matiyak ang pagiging maaasahan ng talatanungan sa Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL), isinagawa ang reliability testing gamit ang Cronbach's alpha batay sa mga tugon ng anim na gurong kalahok sa pilot test. Ang resulta ay nagpakita ng alpha coefficient na 0.841, na nagpapahiwatig ng mataas o mabuting antas ng internal consistency ng instrumento. Samakatuwid, ang talatanungan ay maituturing na maaasahan at angkop na kagamitan sa pangangalap ng datos para sa kasalukuyang pag-aaral.

Ang pagsusulit sa kritikal na pag-iisip ay isinailalim din sa reliability testing gamit ang Kuder-Richardson Formula 20 (KR-20), na angkop para sa mga dichotomous na aytem. Batay sa mga tugon ng labingwalong mag-aaral sa pilot test, nakakuha ang instrumento ng KR-20 coefficient na 0.734, na nagpapahiwatig ng katanggap-tanggap na antas ng pagiging maaasahan. Ipinahihiwatig nito na ang pagsusulit ay may sapat na pagiging maaasahan upang gamitin sa pagsukat ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pag-aaral na ito.

### *2.5. Istatistikong Ginamit sa Pag-aaral*

Ginamit sa pag-aaral ang mga naaangkop na estadistikal na pamamaraan batay sa bawat suliranin ng pananaliksik upang masuri nang wasto at obhetibo ang mga nakalap na datos. Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito, natitiyak ang sistematiko at mapagkakatiwalaang interpretasyon ng mga resulta ng pag-aaral.

Upang matukoy ang antas ng aplikasyon ng sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa persepsyon ng mga guro, ginamit ang weighted

mean. Ang pamamaraang ito ay angkop sa mga tugon mula sa Likert na iskala at nagsilbing batayan sa pagtukoy ng pangkalahatang antas ng bawat dimensiyon ng sosyo-emosyonal na literasiya (SEL).

Upang matukoy ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa mga resulta sa pagsusulit, ginamit ang Mean Percentage Score (MPS). Ito ay higit na angkop sapagkat ang ginamit na instrumento para sa mga mag-aaral ay isang pagsusulit at hindi isang talatanungang persepsyon. Sa pamamagitan ng MPS, natukoy ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa bawat dimensiyon ng kritikal na pag-iisip, kabilang ang pagsusuri ng impormasyon, lohikal na pangangatwiran, ebalwasyon ng mga ideya at argumento, at pagbuo ng matalinong konklusyon.

Upang matukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) at antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, ginamit ang Pearson Product-Moment Correlation Coefficient o Pearson r. Ang estadistikang ito ay ginamit upang masukat ang lakas at direksiyon ng linear na ugnayan ng dalawang baryabol. Ang pagsusuri ay isinagawa sa antas ng kahalagahan na 0.05.

Batay sa mga natuklasan ng estadistikal na pagsusuri, lalo na sa paglalarawan ng antas ng dalawang baryabol at sa resulta ng ugnayan ng mga ito, bumuo ng mga rekomendasyong pedagohikal na maaaring magsilbing gabay sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng Filipino at sa higit pang paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

## 3. RESULTA AT DISKUSYON

**Suliranin 1. Ano ang antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa persepsyon ng mga guro, kung isasaalang-alang ang mga sumusunod na dimensyon: 1.1. kamalayang pansarili; 1.2. pamamahala ng emosyon; 1.3. kamalayang panlipunan; 1.4. kasanayan sa pakikipag-ugnayan; at 1.5. responsableng pagpapasya?**

### Kamalayang Pansarili

Inilalahad sa Talahanayan 4 ang antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa dimensyon ng kamalayang pansarili. Sinusukat ito sa pamamagitan ng apat na indikador na tumutukoy sa mga gawaing naglalayong malinang ang pagkilala ng mga mag-aaral sa sariling damdamin, pananaw,

kalakasan, at kahinaan kaugnay ng kanilang pagkatuto at pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan at di-pampanitikan. Mahalaga ang dimensyong ito sapagkat nakatutulong ito sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na maging mulat sa sariling emosyon, pag-uugali, at paraan ng pagkatuto, na maaaring makaapekto sa partisipasyon at pagganap sa klase.

**Talahanayan 4:** ***Antas ng Paglalapat ng Sosyo-Emosyonal na Literasiya (SEL) sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino: Dimensyon ng Kamalayang Pansarili.***

| **Mga Indikador** | **Mean** | **Deskripsyon** | **Paglalarawang Berbal** |
|---|---|---|---|
| 1. Natutulungan ko ang mga mag-aaral na matukoy at maipahayag ang kanilang damdamin kaugnay ng binabasang teksto *(Hal. reflective journal, reaction paper, damdaming kolum).* | **4.57** | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| 2. Isinasama ko sa talakayan ang pagninilay ng mga mag-aaral sa sariling pananaw at karanasan na may kaugnayan sa paksa *(Hal. think–pair–share, personal na repleksiyon bago talakayan).* | **4.83** | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| 3. Hinihikayat ko ang mga mag-aaral na kilalanin ang kanilang lakas at kahinaan sa pag-unawa at pagsusuri ng teksto *(Hal. self-assessment checklist, listahan ng mga natutunan).* | **4.60** | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| 4. Binibigyan ko ng pagkakataon ang mga mag-aaral na ipahayag ang sariling interpretasyon at saloobin sa isang isyu o akda *(Hal. pagbabahagi ng opinyon, pagsusulat ng journal prompt, exit slip).* | **4.83** | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| **Pangkalahatan Mean** | **4.71** | **Lubos na Sumasang-ayon** | **Napakataas** |

| Saklaw: | | | |
|---|---|---|---|
| Range | Halagang Katumbas | Deskripsyon | Berbal na Paglalarawan |
| 4.21 – 5.0 | 5 | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| 3.41 – 4.20 | 4 | Sumasang-ayon | Mataas |

| | | |
|---|---|---|
| 2.61 – 3.40 Katamtaman | 3 | Hindi Tiyak |
| 1.81 – 2.60 Mababa | 2 | Hindi Sumasang-ayon |
| 1.00 – 1.80 Napakababa | 1 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon |

Batay sa talahanayan, ang pangkalahatang mean na 4.71, na may deskripsiyon na “Lubos na Sumasang-ayon” at berbal na paglalarawang “Napakataas,” ay nagpapakita na mataas ang antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa dimensyon ng kamalayang pansarili. Ipinahihiwatig nito na karaniwan nang naisasama ng mga gurong respondente ang mga estratehiyang humihikayat sa pagninilay, pagpapahayag ng saloobin, at pagkilala sa sariling karanasan bilang bahagi ng pagtuturo ng Filipino.

Dalawang indikador ang nakapagtala ng pinakamataas na mean na 4.83, ang pagsasama ng pagninilay ng mga mag-aaral batay sa kanilang sariling pananaw at karanasan, at ang pagbibigay ng pagkakataong maipahayag nila ang kanilang sariling interpretasyon at saloobin hinggil sa isang isyu o akda. Ipinakikita nito na higit na naipatutupad ng mga guro ang mga gawaing nakasentro sa repleksiyon at personal na pagpapahayag. Mahalaga ito sapagkat nakatutulong ang ganitong mga gawain sa mga mag-aaral upang maging higit na mulat sa kanilang iniisip at nararamdaman habang nakikipag-ugnayan sa teksto, na mahalaga sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa at kritikal na pag-iisip (Juma, 2024).

Samantala, ang indikador na “Natutulungan ko ang mga mag-aaral na matukoy at maipahayag ang kanilang damdamin kaugnay ng binabasang teksto” ang may pinakamababang mean na 4.57, bagama’t nananatili pa rin ito sa antas na “Napakataas.” Ipinahihiwatig nito na may puwang pa para sa higit na pagpapalalim ng mga gawaing tuwirang humihikayat sa emosyonal na pagpapahayag ng mga mag-aaral. Mahalaga ang aspektong ito sapagkat ang malinaw na pagproseso at pagpapahayag ng damdamin ay maaaring magsilbing tulay tungo sa mas masusing pag-unawa sa konteksto at kahulugan ng mga akdang pampanitikan (Pentón, 2024).

Sa kabuuan, ipinakikita ng resulta na mataas ang aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa dimensyon ng kamalayang pansarili, partikular sa paggamit ng mga gawaing replektibo at interpretatibo. Ipinahihiwatig nito na epektibong naisasama ng mga guro ang mga estratehiyang humuhubog sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang

damdamin at karanasan. Bilang implikasyon, mahalagang higit pang paigtingin ang mga gawaing nakatuon sa direktang pagpapahayag ng emosyon upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto at sa kanilang sariling proseso ng pagkatuto, alinsunod sa pananaw nina Belete at Mussa (2021) na ang personal na karanasan at emosyon ay mahalagang bahagi ng makahulugang pagkatuto.

**Pamamahala ng Emosyon bilang Dimensyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya**

Makikita sa Talahanayan 5 ang antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa dimensyon ng pamamahala ng emosyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Saklaw ng dimensyong ito ang pagkontrol ng damdamin, mahinahong pagpapahayag ng saloobin, pagtanggap sa puna, at paglinang ng tiyaga at disiplina sa pagbuo ng ideya. Mahalaga ito sapagkat nakatutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kakayahang pamahalaan ang kanilang emosyon at asal sa iba't ibang gawaing pampagkatuto, lalo na sa mga sitwasyong nangangailangan ng kritikal na pag-iisip, pakikipag-ugnayan, at pagharap sa mga hamon sa pag-aaral.

**Talahanayan 5** ***Antas ng Paglalapat ng Sosyo-Emosyonal na Literasiya (SEL) sa Pagtuturo ng Filipino: Pamamahala ng Emosyon.***

| **Mga Indikador** | **Mean** | **Deskripsyon** | **Paglalarawang Berbal** |
|---|---|---|---|
| 1. Tinuturuan ko ang mga mag-aaral na pamahalaan ang kanilang emosyon sa oras ng diskusyon, lalo na sa sensitibong paksa *(Hal. paggamit ng discussion rules, pause-and-reflect strategy).* | **4.43** | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| 2. Ipinapakita ko ang wastong paraan ng lohikal at mahinahong pagpapahayag ng saloobin *(Hal. Modelong sagot ng guro, sentence starters para sa diskusyon).* | **4.50** | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| 3. Ginagabayan ko ang mga mag-aaral na harapin ang pagkakamali o puna sa kanilang gawain nang positibo *(Hal. Konstraktib na feedback, pagrerebisa).* | **4.47** | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| 4. Isinasama ko ang mga gawain na humuhubog sa tiyaga at disiplina sa pagbuo ng ideya (Hal. step-by-step writing process, draft–revision approach). | **4.40** | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Pangkalahatan Mean** | **4.45** | **Lubos na Sumasang-ayon** | **Napakataas** |

Ipinakikita ng talahanayan na ang pangkalahatang mean na 4.45, na may deskripsiyon na "Lubos na Sumasang-ayon" at berbal na paglalarawang "Napakataas," ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa dimensyon ng pamamahala ng emosyon. Ibig sabihin, karaniwan nang naisasagawa ng mga guro ang mga estratehiyang nagtataguyod ng mahinahon, organisado, at responsableng pagharap ng mga mag-aaral sa mga gawaing pangklase, lalo na sa mga diskusyong nangangailangan ng pagpipigil sa damdamin at maingat na pangangatwiran.

Ang pinakamataas na mean na 4.50 ay naitala sa indikador na "Ipinapakita ko ang wastong paraan ng lohikal at mahinahong pagpapahayag ng saloobin." Ipinahihiwatig nito na malaki ang papel ng guro bilang modelo ng maingat at mahinahong komunikasyon sa loob ng silid-aralan. Mahalaga ang pagmomodelo ng ganitong asal sa paglinang ng self-management sapagkat tinutulungan nito ang mga mag-aaral na maayos na maiangkop ang kanilang damdamin at paraan ng pagpapahayag sa konteksto ng akademikong talakayan (Daclan & Baguio, 2025). Sa kabilang banda, ang indikador na "Isinasama ko ang mga gawain na humuhubog sa tiyaga at disiplina sa pagbuo ng ideya" ang may pinakamababang mean na 4.40, bagama't nasa antas pa rin ito ng "Napakataas." Ipinahihiwatig nito na bagama't naipatutupad ang mga gawaing may kaugnayan sa tiyaga at disiplina, maaari pa itong higit pang mapalawak at mapalalim. Mahalaga ito sapagkat ang pagtitiyaga at disiplina ay may direktang ambag sa kakayahan ng mga mag-aaral na magproseso ng mga komplikadong ideya at makabuo ng lohikal na argumento (Ferrer et al., 2026).

Sa kabuuan, malinaw na mataas ang antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa dimensyon ng pamamahala ng emosyon. Bilang implikasyon, mainam na higit pang palakasin ang mga gawaing humuhubog sa emosyonal na regulasyon, pagtitiyaga, at pagpapatuloy sa gawaing akademiko upang mas maging sistematiko ang paglinang ng kasanayang ito sa asignaturang Filipino. Ang obserbasyong ito ay sinusuportahan ng pahiwatig ni Alesna-Tuñacao (2024) na kailangan pang paigtingin ang integrasyon ng mga gawaing may malinaw na ugnayan sa emosyonal na pagpapahayag at pagtitiyaga sa pagtuturo.

**Kamalayang Panlipunan bilang Dimensyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya**

Inilalahad sa Talahanayan 6 ang antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa dimensyon ng kamalayang panlipunan. Tinutukoy ng mga indikador sa bahaging ito ang mga gawaing humihikayat sa paggalang sa iba't ibang pananaw, pag-unawa sa karanasan ng iba, pagsasaalang-alang sa kontekstong panlipunan at kultural ng akda, at pagkilala sa epekto ng wika at argumento sa lipunan. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, nahihikayat ang mga mag-aaral na maging mas bukas ang isipan sa iba't ibang perspektiba at magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyung panlipunang nakapaloob sa mga tekstong binabasa. Mahalaga rin ang dimensyong ito sa paghubog ng empatiya at responsableng pakikisalamuha, na nagsisilbing mahalagang salik sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip at kamalayang panlipunan.

**Talahanayan 6:** ***Antas ng Paglalapat ng Sosyo-Emosyonal na Literasiya (SEL) sa Pagtuturo ng Filipino: Kamalayang Panlipunan.***

| **Mga Indikador** | **Mean** | **Deskripsyon** | **Paglalarawang Berbal** |
|---|---|---|---|
| 1. Itinataguyod ko ang paggalang sa iba't ibang pananaw ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng teksto *(Hal. structured na diskurso sa klase, mga patnubay sa positibo at konstruktibong pagbibigay ng feedback).* | **4.50** | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| 2. Ginagamit ko ang mga akdang Filipino upang mapaunlad ang empatiya at pag-unawa sa karanasan ng iba *(Hal. pagsusuri ng tauhan, role-playing, character diary).* | **4.43** | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| 3. Hinihikayat ko ang mga mag-aaral na isaalang-alang ang kontekstong panlipunan at kultural ng akda *(Hal. contextual analysis, backgrounding activity).* | **4.33** | Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| 4. Tinutulungan ko ang mga mag-aaral na maunawaan ang epekto ng wika, ideya, at argumento sa lipunan *(Hal. pagsusuri ng isyung panlipunan sa sanaysay o talumpati).* | **4.77** | Lubos na Sumasang-ayon<br>Lubos na Sumasang-ayon | Napakataas |
| **Pangkalahatan Mean** | **4.51** | **Lubos na Sumasang-ayon** | **Napakataas** |

Bilang implikasyon, ipinahihiwatig ng resulta na hindi sapat na tingnan lamang ang antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) bilang hiwalay na salik sa pagpapaliwanag ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Higit na makabubuting siyasatin sa mga susunod na pag-aaral ang iba pang posibleng salik na maaaring namamagitan o nakaaapekto sa ugnayang ito, tulad ng disenyo ng gawain, uri ng tekstong ginagamit sa Filipino, lawak ng pagsasanay sa argumentasyon, at kalidad ng paggabay ng guro. Mahalaga ring isaalang-alang ang paggamit ng mas malawak na bilang ng kalahok at karagdagang pamamaraang mapagpapatibay ang resulta upang higit na maunawaan ang masalimuot na ugnayan sa pagitan ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) at kritikal na pag-iisip sa konteksto ng asignaturang Filipino

**Suliranin 4. Ano-anong rekomendasyong pedagohikal ang maaaring mabuo batay sa mga natuklasan ng pag-aaral hinggil sa aplikasyon ng sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) at sa antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral?**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, walang makabuluhang ugnayan ang namalas sa pagitan ng antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at ng antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Gayunman, ipinakita rin ng mga resulta na mataas ang antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo at mataas din ang antas ng kritikal na pag-iisip sa ilang dimensiyon, partikular sa pagsusuri ng impormasyon at pagbubuo ng matalinong konklusyon.

Sa kabilang dako, lumitaw na ang ebalwasyon ng ideya at argumento ang may pinakamababang antas sa apat na dimensiyong sinuri. Dahil dito, sa halip na bumuo ng interbensyon, higit na angkop na magmungkahi ng mga rekomendasyong pedagohikal na maaaring magsilbing gabay sa mga guro sa Filipino upang higit pang mapahusay ang mga kasanayang may kaugnayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, lalo na sa argumentasyon, pagsusuri ng ideya, at pagbuo ng mapanuring paghatol (Hidayat et al., 2023; Saul et al., 2020; Az-Zahra et al., 2021; Efendi et al., 2023).

*a. Palakasin ang mga gawaing nakatuon sa pag-eebalwasyon ng mga ideya at argumento.*

Dahil ito ang pinakamababang dimensiyon ng kritikal na pag-iisip na natukoy sa pag-aaral, mahalagang magdisenyo ang mga guro ng mga gawaing humahasa sa kakayahan ng mga mag-aaral na tukuyin ang bias, timbangin ang lakas at kahinaan ng mga argumento, at magbigay ng paghatol batay sa sapat na ebidensya. Maaaring gamitin dito ang pagsusuri ng magkasalungat na teksto, structured debate, at mga gawaing may format na claim-evidence-reasoning. Ang mga ganitong gawaing pampagkatuto ay makatutulong sa pagpapalalim ng kasanayan ng mga mag-aaral sa mapanuring paghatol at lohikal na pagsusuri ng mga pananaw (Fajardo, 2023; Jimenez et al., 2024; Fajariyanti et al., 2024).

*b. Gamitin ang Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) bilang suporta sa mapanuring talakayan sa klase.*

Bagama't walang napatunayang makabuluhang ugnayan sa antas ng estadistika, nananatiling mahalaga ang sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) sa paglikha ng ligtas, suportibo, at makabuluhang kapaligiran sa pagkatuto. Maaaring gamitin ng mga guro ang mga estratehiyang may kaugnayan sa kamalayang pansarili, kasanayan sa pakikipag-ugnayan, at responsableng pagpapasya upang mahikayat ang mga mag-aaral na magpahayag ng opinyon nang may paggalang, paninindigan, at kahandaang makinig sa iba't ibang pananaw. Sa ganitong paraan, nagiging mas buo ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa diskurso, kahit hindi tuwirang nakita ang estadistikang ugnayan nito sa kritikal na pag-iisip sa kasalukuyang pag-aaral (Leonard & Woodland, 2022; Cabahug et al., 2024; Tang et al., 2023; Huỳnh et al., 2023).

*c. Magbigay ng mas maraming gawaing argumentatibo sa asignaturang Filipino.*

Iminumungkahing palawakin ang paggamit ng debate, panel discussion, pagsusuri ng editoryal, reaksyong papel, at pagbuo ng posisyong papel upang malinang ang lohikal na

pangangatwiran at ebalwasyon ng argumento. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mga pagkakataong magsanay sa pagbuo at pagtatanggol ng sariling pananaw gamit ang malinaw na ebidensya. Ang ganitong mga gawaing nakatuon sa argumentasyon ay mahalaga sa pagpapatibay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa lohikal na pangangatwiran at masusing ebalwasyon ng mga ideya (Sinaga et al., 2023; Handayani et al., 2023; Az-Zahra et al., 2021).

*d. Paigtingin ang pagsasanay ng mga guro sa pagdidisenyo ng mga gawaing humahasa sa kritikal na pag-iisip.*

Makatutulong ang mga seminar, Learning Action Cell (LAC), at In-Service Training (InSET) na nakatuon sa integrasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) at kritikal na pag-iisip sa pagtuturo ng Filipino. Maaaring tumuon ang mga gawaing ito sa pagbuo ng mga tanong na mas mataas ang antas ng pag-iisip, paggamit ng rubric sa argumentasyon, at pagdidisenyo ng mga tekstuwal at diskursibong gawaing nakaayon sa pagsusuri, ebalwasyon, at pagbuo ng konklusyon. Sa pamamagitan nito, higit na mapatitibay ang kakayahan ng guro na iugnay ang mga estratehiya ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa mga gawaing may tuwirang kaugnayan sa paglinang ng kritikal na pag-iisip (Cabahug et al., 2024; Tang et al., 2023; Huỳnh et al., 2023).

*e. Iayon ang mga kasangkapan sa pagtataya sa layunin ng paglinang ng kritikal na pag-iisip.*

Mahalagang matiyak na ang mga pagsusulit, gawain, at rubrics na ginagamit sa asignaturang Filipino ay higit na tumutugon sa mga kasanayang tulad ng pagsusuri ng impormasyon, lohikal na pangangatwiran, ebalwasyon ng ideya at argumento, at pagbubuo ng matalinong konklusyon. Sa ganitong paraan, mas nagiging malinaw ang ugnayan ng pagtuturo, pagkatuto, at pagtataya. Maaari ring palawakin ang paggamit ng mga gawaing humihiling ng source evaluation, argument analysis, at conclusion building upang maging higit na nakaayon ang pagtataya sa aktuwal na kasanayang nais linangin sa mga mag-aaral (Carambas & Tibaldo, 2025; Rahmi & Jamaluddin, 2021; Maab et al., 2024; Yuliastrin et al., 2023).

*f. Magsagawa ng mga susunod na pag-aaral na susuri sa iba pang salik na maaaring makaapekto sa kritikal na pag-iisip.*

Dahil walang napatunayang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) at kritikal na pag-iisip sa kasalukuyang pag-aaral, iminumungkahi ang mga susunod na pananaliksik na maaaring magsama ng iba pang salik tulad ng estratehiyang

panturo, uri ng tekstong ginagamit, lawak ng eksposyur sa argumentasyon, kalidad ng pagtataya, at iba pang kontekstuwal na baryabol. Ang ganitong direksiyon ay makatutulong sa higit pang masusing pag-unawa sa masalimuot na ugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa pag-unlad ng kritikal na pag-iisip sa asignaturang Filipino (Leonard & Woodland, 2022; Tang et al., 2023; Hidayat et al., 2023; Efendi et al., 2023).

## 4. BUOD, KONKLUSYON AT REKOMNDASYON

### *4.1 BUOD*

Naglalayon ang pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa persepsyon ng mga guro, kasabay ng antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa apat na kasanayan: pagsusuri ng impormasyon, lohikal na pangangatwiran, ebalwasyon ng ideya at argumento, at pagbubuo ng matalinong konklusyon. Sinuri rin kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng aplikasyon ng sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo-korelasyonal na disenyo.Lumahok ang tatlumpung (30) guro sa asignaturang Filipino na sumagot sa talatanungan tungkol sa antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL). Sa bahagi naman ng mga mag-aaral, pumili ang bawat guro ng tatlong mag-aaral na sumagot sa pagsusulit sa kritikal na pag-iisip. Sa kabuuan, siyamnapung (90) mag-aaral ang lumahok sa pagsusulit. Sinuri ang mga datos gamit ang weighted mean para sa antas ng aplikasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL), Mean Percentage Score (MPS) para sa antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, at ang Pearson r para sa pagsusuri ng ugnayan ng dalawang baryabol.

### *4.2 KONKLUSYON*

Batay sa natuklasan, ang sumusunod na mga kongklusyon:

1. Mataas ang kakayahan ng mga guro sa asignaturang Filipino sa integrasyon ng Sosyo-Emosyonal na Literasiya sa kanilang pagtuturo, na nagpapakita ng kanilang kahandaan sa pagpapaunlad ng holistikong pagkatuto ng mga mag-aaral.
2. Mataas ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, ngunit hindi pantay ang pag-unlad sa lahat ng kasanayan, lalo na sa pagsusuri ng mga ideya at mga argumento.
3. Batay sa pagsusuring estadistikal, tinanggap ang null hypothesis ng pag-aaral. Ibig sabihin, walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng aplikasyon ng sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at ng antas ng kritikal na

pag-iisip ng mga mag-aaral. Samakatuwid, hindi maaaring ipalagay sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral na ang mataas na antas ng aplikasyon ng SEL ay awtomatikong kaugnay ng mataas na antas ng kritikal na pag-iisip.

4. Sa halip na bumuo ng isang hiwalay na interbensiyon, higit na angkop na maglatag ng mga rekomendasyong pedagohikal na nakatuon sa pagpapatibay ng mga estratehiyang pampagtuturo sa Filipino, lalo na yaong may kaugnayan sa ebalwasyon ng ideya at argumento, argumentasyon, pagsusuri ng bias, at makatuwirang paghatol.

Bago ilahad ang mga rekomendasyon, mahalagang isaalang-alang na ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon lamang sa mga piling paaralan sa Dibisyon ng Lungsod ng Gingoog at gumamit ng sariling-ulat na talatanungan para sa mga guro at pagsusulit para sa mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ang paggamit ng tatlong mag-aaral bawat gurong kalahok at ang pamantayang nakadalo sa seminar hinggil sa Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) para sa ilang gurong kalahok ay maaaring may implikasyon sa lawak ng representasyon at sa posibilidad ng pagkiling sa pagpili. Dahil dito, ang mga rekomendasyon ng pag-aaral ay dapat unawain sa konteksto ng mga limitasyong ito.

### *4.3 REKOMENDASYON*

Batay sa kabuuang resulta at pagsusuri ng pag-aaral, natuklasan na ang integrasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng Filipino ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, partikular sa kanilang kakayahang magsuri ng impormasyon, magpahayag ng makatuwirang pananaw, magbigay ng sapat na ebidensiya, at mag-ebalwasyon ng mga ideya at argumento. Ipinakita rin ng pag-aaral na ang paglinang sa mga kasanayang ito ay hindi lamang nakabatay sa nilalaman ng aralin kundi maging sa mga estratehiya sa pagtuturo, uri ng gawaing pampagkatuto, at antas ng paggabay na natatanggap ng mga guro at mag-aaral sa loob ng proseso ng pagkatuto. Sa kontekstong ito, mahalagang maisakatuparan ang mas sistematiko, tuloy-tuloy, at kolaboratibong mga hakbangin upang higit pang mapatatag ang paggamit ng SEL bilang mahalagang salik sa pagpapahusay ng pagkatutong nakatuon sa mataas na antas ng pag-iisip.

Kaugnay nito, kinakailangang magkaroon ng aktibong partisipasyon at suporta mula sa iba't ibang stakeholder sa edukasyon gaya ng Sangay ng Pagpapaunlad ng Yamang-Tao ng Kagawaran ng Edukasyon, mga punong-guro, master teacher, guro sa asignaturang Filipino, at mga susunod na mananaliksik. Sa pamamagitan ng mga programang pangkapasidad, regular na paggabay, pagmomonitor, at pagpapatupad ng mga gawaing argumentatibo at

mapanuring pampagkatuto, higit na mapauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mas malalim na pag-unawa, pagsusuri, at paghatol sa impormasyon at mga pananaw na kanilang kinakaharap. Higit pa rito, mahalaga ring ipagpatuloy ang mga pananaliksik na may kaugnayan sa kritikal na pag-iisip upang makapagbigay ng mas malawak at empirikal na batayan sa pagbuo ng mga polisiya, estratehiya, at kagamitang pampagtuturo na angkop sa kasalukuyang pangangailangan sa edukasyon. Dahil dito, inilahad ang mga sumusunod na rekomendasyon bilang gabay sa pagpapatibay ng integrasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng Filipino at sa patuloy na pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

1. Sangay ng Pagpapaunlad ng Yamang-Tao ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), Rehiyon X, Dibisyon ng Gingoog

Inirerekomenda ang pagdidisenyo ng hindi bababa sa dalawang Learning Action Cell (LAC) sessions at isang In-Service Training (INSET) sa loob ng isang taong panuruan na nakatuon sa integrasyon ng Sosyo-emosyonal na Literasiya (SEL) sa pagtuturo ng Filipino. Maaaring tumuon ang mga gawaing ito sa pagdidisenyo ng mga gawaing argumentatibo, paggamit ng claim-evidence-reasoning format, pagsusuri ng bias, at pagbuo ng mga rubrics na sumusukat sa kritikal na pag-iisip.

2. Punongguro

Iminumungkahi ang regular na pagmamasid sa silid-aralan at paggabay pagkatapos ng kumperensiya kada quarter upang masubaybayan kung paano naisasama ng mga guro ang sosyo-emosyonal na literasiya (SEL) sa mga gawaing humahasa sa kritikal na pag-iisip, lalo na sa argumentasyon at pag-eebalwasyon ng mga ideya at mga argumento.

3. Master Teacher sa asignaturang Filipino

Inirerekomenda ang aktibong pagbuo ng buwanang sesyon ng paggabay para sa mga guro hinggil sa pagdidisenyo ng mga tekstuwal at diskursibong gawain na nakatuon sa pagsusuri ng pananaw, pagtukoy ng bias, at pagbibigay ng paghatol batay sa ebidensya.

4. Guro sa asignaturang Filipino

Hinihikayat ang mga guro sa asignaturang Filipino na magsagawa ng hindi bababa sa isang gawaing argumentatibo kada yunit, gaya ng debate, posisyong papel, pagsusuri ng editoryal, o panel discussion, upang higit pang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-eebalwasyon ng mga ideya at argumento.

5. Susunod na Mananaliksik

Iminumungkahi ang pagsasagawa ng mga kaugnay na pag-aaral na susuri sa iba pang mga baryabol na maaaring makaapekto sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, tulad ng antas ng pagbasa, estratehiya sa pagtuturo, at mga uri ng pagtataya. Makabubuti ring gumamit ng mas malawak na saklaw ng kalahok at iba pang disenyo ng pananaliksik upang higit pang mapagtibay ang mga natuklasan sa mga kasalukuyang pag-aaral. Maaari ring pagtuunan ng hiwalay na pag-aaral ang pagpino ng mga instrumentong sumusukat sa kritikal na pag-iisip, lalo na sa bahagi ng ebalwasyon ng mga ideya at argumento.

## PASASALAMAT

Taos-pusong nagpapahayag ng pasasalamat ang mananaliksik sa lahat ng naging gabay at katuwang sa matagumpay na pagbuo ng pag-aaral na ito bilang bahagi ng pagtupad sa kinakailangan para sa antas ng Master of Education in Filipino.

Lubos na pinasasalamatan si Dr. Aida Abad, ang tagapayo, sa kanyang matalinong paggabay, tapat na payo, at walang sawang pagsuporta mula sa pagpaplano hanggang sa pagtatapos ng pananaliksik na ito.

Ipinapaabot din ang pasasalamat kay Dr. Levita B. Grana, ang katuwang na Dekano ng Paaralang Gradwado, sa ibinigay na pahintulot at patuloy na suporta sa pagsasakatuparan ng pag-aaral.

Nagpapasalamat din ang mananaliksik sa mga punong-guro ng mga mataas na paaralan sa Dibisyon ng Lungsod ng Gingoog sa kanilang kooperasyon at mahalagang partisipasyon.

Napakalaki rin ng pasasalamat sa kanyang asawa, G. Jannielou P. Casaños, sa hindi matitinag na suporta at pag-unawa, at sa kanyang mga anak — Honey Joy, Harley Blaire, at Hyn Rych — na nagsilbing inspirasyon at lakas sa pagharap sa mga hamon ng akademikong pag-aaral.

Higit sa lahat, ang pinakamataas na pasasalamat ay iniaalay sa Mahal na Birhen at sa Panginoong Diyos, na nagkaloob ng lakas, karunungan, at patnubay upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

## SANGGUNIAN

1. Abudu, A. M., Mahama, J. K., & Braimah, M. (2025). Strategy for Holistic Development: Integrating Social-Emotional Learning into Basic School Curricula in Tamale Metropolis. International Journal of Science and Research (IJSR), 14(1), 1259. https://doi.org/10.21275/sr25122190823

2. Aguilar, S. F. (2024). PLAY-BASED LEARNING CONCEPT AND DEVELOPMENT OF TEACHING AMONG KINDERGARTEN TEACHERS. European Journal of Education Studies, 11(6). https://doi.org/10.46827/ejes.v11i6.5333
3. Agustina, T., Suwandi, S., & Suyitno, S. (2021). The Dimension of the Higher Order Thinking Cognitive Process in Indonesian Language Teaching Textbook for Senior High School Students. International Journal of Multicultural and Multireligious Understanding, 8(12), 65. https://doi.org/10.18415/ijmmu.v8i12.3161
4. Alesna-Tuñacao, J. (2024). Mga Salik na Nakaaapekto sa Antas ng Komprehensyon at Akademikong Performans sa mga Mag-Aaral ng Filipino 10 Unang Distrito ng Consolacion, Lunsod ng Cebu: Kaparaanan ng Pampagpabuti. UB Advancing Filipino Research Journal, 1(1), 130. https://doi.org/10.15631/ubafrj.v1i1.203
5. Alzahrani, A. S., & Albiladi, W. S. (2025). Beyond Language: Exploring the Hidden Curriculum's Contribution to the Language Development of English Language Learners. World Journal of English Language, 16(2), 15. https://doi.org/10.5430/wjel.v16n2p15
6. Ansori, R. W., Fauzan, A. C., & Fatmawati, M. (2023). Implementasi Kecakapan Logika dan Kreativitas melalui Humor dalam Materi Teks Anekdot Kelas X SMA dengan Kurikulum Merdeka. Ghancharan Jurnal Pendidikan Bahasa Dan Sastra Indonesia. https://doi.org/10.19105/ghancaran.vi.7836
7. Arslan, S., & Demirtaş, Z. (2016). SOCIAL EMOTIONAL LEARNING AND CRITICAL THINKING DISPOSITION. Studia Psychologica, 58(4), 276. https://doi.org/10.21909/sp.2016.04.723
8. Az-Zahra, R., Rusdi, R., & Ristanto, Rizhal H. (2021). Metacognitive, Critical Thinking, and Concept Understanding of Motion Systems: A Correlational Study. Bioedukasi Jurnal Pendidikan Biologi, 14(2), 156. https://doi.org/10.20961/bioedukasi-uns.v14i2.52972
9. Base, A. P., Guzman, A. M. D., Killa, M. T., Lumbiag, J. R., Lunag, J. L., Pascaden, P. B., & Sebullen, M. T. (2023). SALIK SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA ELEMENTARYA: ISANG PAGSUSURI SA LUNGSOD NG BAGUIO. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(11), 9. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i11.002
10. Bayu, W. I., Nurhasan, N., Suroto, S., & Solahuddin, S. (2022). Peer observation, self-assessment, and circuit learning: improving critical thinking and physical fitness in

physical education. Jurnal Cakrawala Pendidikan, 41(2), 308. https://doi.org/10.21831/cp.v41i2.38654

11. Belete, N. H., & Mussa, S. (2021). An Investigation into the Implementation and Selection of Literary Texts to Teach Reading Skills in EFL Classes: The Case of Preparatory Schools in Awi Zone, Ethiopia. Theory and Practice in Language Studies, 11(5), 498. https://doi.org/10.17507/tpls.1105.06
12. Borisová, S., & Pintes, G. (2023). The Philosophical Literary Story as a Model of Critical Thinking. Education & Self Development, 18(1), 60. https://doi.org/10.26907/esd.18.1.05
13. Cabahug, I., Osias, N. C., Ongcachuy, B. L., & Corpuz, G. G. (2024). 21st Century Skills and Teachers' Performance: Basis for Instructional Development Plan. American Journal of Arts and Human Science, 3(2). https://doi.org/10.54536/ajahs.v3i2.2860
14. Caballero, E. (2025). Integrating the Core Filipino Values in Araling Panlipunan 4: Towards a Responsive Lesson Exemplar. Psychology and Education A Multidisciplinary Journal, 50(6), 601. https://doi.org/10.70838/pemj.500602
15. Carambas, J. R., & Tibaldo, J. S. (2025). Fostering Critical Thinking in Filipino through Media and Information Literacy. Advances in Mobile Learning Educational Research, 5(1), 1370. https://doi.org/10.25082/amler.2025.01.012
16. Changcai, X., Bangkheow, P., Bangkheow, P., & Pholngam, P. (2025). Strategies for Developing Sustainable Reading Ability in High School Students: Practical Approaches to Enhance Potential in the Modern Era. International Education Studies, 18(5), 42. https://doi.org/10.5539/ies.v18n5p42
17. Chen, J. J., Liang, X., & Lin, J. C. (2024). Weaving the Fabric of Social and Emotional Learning in the Context of Teaching: A Study in Hong Kong Kindergarten Classrooms. Early Childhood Education Journal, 53(5), 1521. https://doi.org/10.1007/s10643-024-01682-0
18. Cordeiro, E. de P. B., Marques, M. M. C., & Costa, M. T. N. (2021). Socio-emotional education: paths to inspire studies, research and practices. Revista Tempos e Espaços Em Educação, 14(33). https://doi.org/10.20952/revtee.v14i33.13729
19. Daclan, M. D., & Baguio, J. B. (2025). Socio-emotional Learning in Relation to Preceptive Teaching Improvement of Teachers in Baganga South District, Philippines. Journal of Scientific Research and Reports, 31(7), 275. https://doi.org/10.9734/jsrr/2025/v31i73246

20. DepEd Order No. 010, s. 2024. Policy Guidelines on the Implementation of the MATATAG Curriculum
21. DepEd Order No. 018, s. 2025. Implementing Guidelines of the Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program
22. Dicang, V. J. P., & Molina, H. B. (2023). MGA HAMONG KINAKAHARAP NG MGA MAG-AARAL SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA MAKRONG KASANAYAN SA PAGSASALITA. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 161. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.014
23. Dyson, B., Howley, D., Shen, Y., & Baek, S. (2021). Educators' Experiences of Establishing Social and Emotional Learning Pedagogies in an Elementary School with At-Risk Students. International Electronic Journal of Elementary Education, 13(5), 625. https://doi.org/10.26822/iejee.2021.217
24. Efendi, N., Rahmat, A., & Lustyantie, N. (2023). REPRESENTATION OF STUDENTS' CRITICAL THINKING IN WRITING: A CRITICAL LITERACY PERSPECTIVE. English Review Journal of English Education, 11(1), 219. https://doi.org/10.25134/erjee.v11i1.5896
25. Fajardo, M. F. (2023). Filipino Students' Competency in Evaluating Digital Media Content Credibility: 'Beginning' to 'Emerging' Levels. Journal of Media Literacy Education, 15(2), 58. https://doi.org/10.23860/jmle-2023-15-2-5
26. Fajariyanti, N., Masyuri, M., & Mahardiani, L. (2024). An Analysis of Critical Thinking Skills of Students of Batik 1 Senior High School Surakarta in the 2022/2023 Academic Year. Path of Science, 10(2), 2009. https://doi.org/10.22178/pos.101-17
27. Ferreira, M., Martinsone, B., & Talić, S. (2020). Promoting Sustainable Social Emotional Learning at School through Relationship-Centered Learning Environment, Teaching Methods, and Formative Assessment. Journal of Teacher Education for Sustainability, 22(1), 21. https://doi.org/10.2478/jtes-2020-0003
28. Ferrer, C. M., Rungduin, D., & Fulgencio, A. B. (2026). The Relationship of Self-Efficacy, Emotional Intelligence, and Resilience on Student Leadership Performance of Filipino Student Leaders. Psychology and Education A Multidisciplinary Journal, 52(10), 1247. https://doi.org/10.70838/pemj.521010
29. Galang, A. D. (2020). PHILIPPINE K TO 12 CURRICULUM AND PROGRAMME FOR INTERNATIONAL STUDENT ASSESSMENT (PISA) 2018 READING LITERACY PARALLELISM AND TEACHING-LEARNING EXPERIENCES.

ETERNAL (English Teaching Learning and Research Journal), 6(2), 275. https://doi.org/10.24252/eternal.v62.2020.a7

30. Galas, M. L., & Brazil, M. (2025). Worktext sa pagtuturo ng Noli Me Tangere. International Journal of Research Studies in Education, 14(17). https://doi.org/10.5861/ijrse.2025.25303
31. Gandana, I. S. S., Nafisah, N., & Imperiani, E. D. A. (2021). Critical thinking, literature and teachers' instructional activities: An Indonesian case of community service program for English teachers. English Language Teaching Educational Journal, 4(2), 138. https://doi.org/10.12928/eltej.v4i2.4279
32. Glušac, T., Pilipović, V., & Milić, M. (2020). CRITICAL THINKING SKILLS OF THIRD GRADE SECONDARY SCHOOL STUDENTS AS A COMPONENT OF THEIR FUNCTIONAL LITERACY. TEME, 355. https://doi.org/10.22190/teme180206031g
33. Greenberg, M. T. (2023). Evidence for Social and Emotional Learning in Schools. https://doi.org/10.54300/928.269
34. Handayani, T., Saulon, B. O., & Maryani, I. (2023). Integrating metacognitive strategies impacts virtual science experiments for undergraduate students' HOTS. Jurnal Cakrawala Pendidikan, 42(2). https://doi.org/10.21831/cp.v42i2.51752
35. Helaluddin, H., & Alamsyah, A. (2019). KAJIAN KONSEPTUAL TENTANG SOCIAL-EMOTIONAL LEARNING (SEL) DALAM PEMBELAJARAN BAHASA. AL-ISHLAH Jurnal Pendidikan, 11(1), 1. https://doi.org/10.35445/alishlah.v11i1.123
36. Hidayat, C., Lengkana, A. S., Rohyana, A., Purwanto, D., Razali, R., & Rosalina, M. (2023). Motivating Active Learning in Physical Education: Critical Thinking. European Journal of Educational Research, 1137. https://doi.org/10.12973/eu-jer.12.2.1137
37. Huỳnh, V. S., Giang, T.-V., Do, T.-T., & Nguyen, T.-H. (2023). A Cross-Sectional Study of SEL-Based Practice in Teaching of Vietnamese Primary Teachers. Journal of Educational and Social Research, 13(1), 81. https://doi.org/10.36941/jesr-2023-0008
38. Huynh, V.-S., Giang, T.-V., Nguyen, T.-H., Luu-Thi, H.-T., & Tran-Chi, V.-L. (2023). Responsible Making-Decision Competency Based on the Social Emotional Learning Model for Vietnamese High School Students. Journal of Law and Sustainable Development, 11(7). https://doi.org/10.55908/sdgs.v11i7.1007

39. Jimenez, P. C., Alred, A., & Dauer, J. M. (2024). Describing undergraduate students' reasoning and use of evidence during argumentation about socioscientific issues systems. Frontiers in Education, 9. https://doi.org/10.3389/feduc.2024.1371095
40. Juma, A. A. (2024). Self-reflection in teaching: A comprehensive guide to empowering educators and enhancing student learning. International Journal of Science and Research Archive, 12(1), 2835. https://doi.org/10.30574/ijsra.2024.12.1.1113
41. Karmina, S., Dyson, B., & Setyowati, L. (2024). Teachers' perspectives on implementing cooperative learning to promote social and emotional learning. Jurnal Cakrawala Pendidikan, 43(2), 470. https://doi.org/10.21831/cp.v43i2.68447
42. Katrimah, K. (2025). Pengaruh Pendekatan Pembelajaran Sosial Emosional terhadap Pengembangan Karakter Siswa di Era Digital. Journal of Innovation in Teaching and Instructional Media, 6(1), 331. https://doi.org/10.52690/jitim.v6i1.1165
43. Lansangan, R., & Orleans, A. V. (2024). Exploring Filipino Students' Critical Thinking Skills: Basis for Enhancement of Science Laboratory Class Delivery. Science Education International, 35(3), 281. https://doi.org/10.33828/sei.v35.i3.11
44. Leonard, A. M., & Woodland, R. H. (2022). Teacher Collaboration and
45. Instruction for Social-Emotional Learning: A Correlational Study. Current Issues in Education, 23(3). https://doi.org/10.14507/cie.vol23iss3.2053
46. Li, L., Ismail, S. M., Patra, I., & Lami, D. (2024). Not a passive learner but an active one: a focus on the efficacy of philosophy-based language instruction and its consequences on EFL learners' critical thinking, engagement, and academic achievement. BMC Psychology, 12(1). https://doi.org/10.1186/s40359-024-01648-2
47. Liu, X., & Puteh, M. (2025). A Systematic Literature Review on Enhancing Critical Thinking Skills in EFL Reading. World Journal of English Language, 15(8), 239. https://doi.org/10.5430/wjel.v15n8p239
48. Londoño, A. L. G., & Osorio, D. V. (2024). Dialog of knowledges and critical consciousness: A perspective from Paulo Freire`s thought. Revista Boletín Redipe, 13(6), 92. https://doi.org/10.36260/wyqeww02
49. Maab, S. H., Ramadhanti, S. F., Payung, N. F., & Yulia, Y. (2024). Critical Thinking in Academic Reading: EFL Students' Perceptions and Challenges. Voices of English Language Education Society, 8(1), 206. https://doi.org/10.29408/veles.v8i1.25096
50. Maglonzo, M. L., Luna, J. M. D., Caparas, L. A., & Manuel, M. J. (2023). A COMPARATIVE ANALYSIS OF THE DECISION-MAKING STYLES OF FILIPINO

TEACHERS AND SOUTHEAST ASIAN TEACHERS. Globus An International Journal of Management & IT, 14(2), 26. https://doi.org/10.46360/globus.mgt.120231003

51. Mahoney, J. L., Weissberg, R. P., Greenberg, M. T., Dusenbury, L., Jagers, R. J., Niemi, K., Schlinger, M., Schlund, J., Shriver, T. P., VanAusdal, K., & Yoder, N. (2020). Systemic social and emotional learning: Promoting educational success for all preschool to high school students. American Psychologist, 76(7), 1128. https://doi.org/10.1037/amp0000701
52. Majadly, H., & Yaḥya, A. Ḥaj. (2024). Beyond the Language: Arabic Language Textbooks in Arab Palestinian Society as Tools for Developing Social–Emotional Skills. Education Sciences, 14(10), 1088. https://doi.org/10.3390/educsci14101088
53. Malta, D. P. de L. N., Silva, Á. M. da S. e, Portes, C. S. V., Gadelha, D. de S., Mendonça, I. R. L., Cardoso, J. C. M., Souza, L. V. S. de, & Campos, L. D. de. (2024). A INFLUÊNCIA DAS METODOLOGIAS ATIVAS E DAS TECNOLOGIAS NO DESENVOLVIMENTO DE COMPETÊNCIAS SOCIOEMOCIONAIS EM ESCOLAS DE TEMPO INTEGRAL (p. 44). https://doi.org/10.51891/rease.978-65-6054-111-5-2
54. Mariani, R., Ansori, H., & Mawaddah, S. (2021). KEMAMPUAN BERPIKIR TINGKAT TINGGI MENURUT TEORI ANDERSON DAN KRATHWOHL PADA SISWA SMP KELAS IX. JURMADIKTA, 1(1), 49. https://doi.org/10.20527/jurmadikta.v1i1.729
55. Martínez, M. E., & Gómez, V. (2024). The Importance of Social-Emotional Learning in Schools. Acta Pedagogia Asiana, 3(2), 101. https://doi.org/10.53623/apga.v3i2.468
56. Martinez-Yarza, N., Gruber, R. S., & Solabarrieta, J. (2023). A Systematic Review of Instruments Measuring Social and Emotional Skills in School-Aged Children and Adolescents [Review of A Systematic Review of Instruments Measuring Social and Emotional Skills in School-Aged Children and Adolescents]. Child Indicators Research, 16(4), 1475. Springer Science+Business Media. https://doi.org/10.1007/s12187-023-10031-3
57. Megawati, F., & Mukminatien, N. (2023). Social and emotional learning (SEL): How does it develop and contribute to pre-service English teachers' identity? Pegem Journal of Education and Instruction, 13(1). https://doi.org/10.47750/pegegog.13.01.09
58. Molina, C., Vergara, J., & Manalo, M. A. (2025). Developing Social and Emotional Learning Wellness Intervention for Filipino Students: An Integrative Literature Review. Journal of Interdisciplinary Perspectives, 3(6). https://doi.org/10.69569/jip.2025.221

59. Mukhemar, R., Affouneh, S., & Burgos, D. (2025). Technology-enabled social-emotional learning for university educators: a systematic review [Review of Technology-enabled social-emotional learning for university educators: a systematic review]. Frontiers in Education, 10. Frontiers Media. https://doi.org/10.3389/feduc.2025.1655634
60. Nanda, S., Satapathy, D., Panda, G., & Pradhan, D. K. (2025). Socio-emotional learning and competencies in 21st-century education: a systematic review of teacher and student perspectives [Review of Socio-emotional learning and competencies in 21st-century education: a systematic review of teacher and student perspectives]. Discover Education, 4(1). Springer Science+Business Media. https://doi.org/10.1007/s44217-025-00796-w
61. Niman, E. M. (2025). Embedding local culture in social studies: pathways to strengthen social-emotional learning in primary education. Frontiers in Education, 10. https://doi.org/10.3389/feduc.2025.1655528
62. Nurfauziyah, S., Hamidah, I., Suntini, S., & Fadhly, F. Z. (2024). ELEVATING LEARNING: DEVELOPING HOTS CHALLENGES FOR SENIOR STUDENTS AT SMK PUI Cikijing. Indonesian Journal of Learning and Instruction, 7(1). https://doi.org/10.25134/ijli.v7i1.9604
63. Özdemir, N. K., & Büyükçolpan, H. (2021). Sosyal Duygusal Öğrenme Ölçeği- Genç Yetişkin Formu Geliştirme Çalışması. Kastamonu Eğitim Dergisi, 29(4), 205. https://doi.org/10.24106/kefdergi.822770
64. Pasco, A. A., & Cruz, R. A. O.-D. (2023). Contributing and Hindering Factors of Teachers' Social and Emotional Learning Competencies. ÜNİVERSİTEPARK Bülten, 12(2). https://doi.org/10.22521/unibulletin.2023.122.1
65. Pentón, H., Luis Javier. (2024). Action research about the effects of social-emotional learning in a second language acquisition teacher preparation course. Psychology of Language and Communication. https://doi.org/10.58734/plc-2024-0019
66. Pham, S. V. (2024). The Influence of Social and Emotional Learning on Academic Performance, Emotional Well-Being, and Implementation Strategies: A Literature Review [Review of The Influence of Social and Emotional Learning on Academic Performance, Emotional Well-Being, and Implementation Strategies: A Literature Review]. Saudi Journal of Humanities and Social Sciences, 9(12), 381. https://doi.org/10.36348/sjhss.2024.v09i12.001

67. Pravita, A. R., & Kuswandono, P. (2021). Critical thinking implementation in an English education course: Why is it so challenging? EduLite Journal of English Education Literature and Culture, 6(2), 300. https://doi.org/10.30659/e.6.2.300-313
68. Rahmi, A., & Jamaluddin, J. (2021). High School Debate: Elevating Students' Critical Thinking into Hoax Prevention. Advances in Economics, Business and Management Research/Advances in Economics, Business and Management Research. https://doi.org/10.2991/aebmr.k.210305.069
69. Reed, M., & Caswell, H. T. (2021). Creating a Learning Space for Authenticity and Empathy: Book-by-Book. Kansas English: 102. https://doi.org/10.62704/fhn4j580
70. Republic Act No. 12028. (2024). Academic Recovery and Accessible Learning Program Act
71. Rosepti, P. (2022). Cultivating Children's Social Awareness in the Multicultural and Diverse Community: A Perspective from Empathetic Teaching. Edueksos Jurnal Pendidikan Sosial & Ekonomi, 11(2). https://doi.org/10.24235/edueksos.v11i2.11210
72. Saul, A. J. G., Capiz, J.-R. D., & Milan, K. C. (2020). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ), 7(1). https://doi.org/10.56278/apherj.v7i1.1547
73. Segal, R., & Biton, Y. (2024). Teaching and learning high-school mathematics via WhatsApp: teachers' perspectives. Learning Environments Research. https://doi.org/10.1007/s10984-024-09508-x
74. Sinaga, T., Kadaryanto, B., & Aulia, N. (2023). Indonesian High School Students' Critical Thinking and Literary Text Comprehension. ELE Reviews English Language Education Reviews, 3(2), 155. https://doi.org/10.22515/elereviews.v3i2.7621
75. Siraj, A., Jabeen, M., & Akhtar, H. (2025). Social Emotional Learning: A Contemporary Analysis of Teacher Educators' Understanding and Awareness in Pakistan. Inverge Journal of Social Sciences, 4(4), 368. https://doi.org/10.63544/ijss.v4i4.206
76. Song, J., Howard, D., & Olazabal-Arias, W. (2022). Translanguaging as a Strategy for Supporting Multilingual Learners' Social Emotional Learning. Education Sciences, 12(7), 475. https://doi.org/10.3390/educsci12070475
77. Storey, M. (2020). Engaging minds and hearts: Social and emotional learning in English Language Arts. Language and Literacy, 21(1), 122. https://doi.org/10.20360/langandlit29355

78. Susilowati, Y., & Sumaji, S. (2021). INTERSEKSI BERPIKIR KRITIS DENGAN HIGH ORDER THINKING SKILL (HOTS) BERDASARKAN TAKSONOMI BLOOM. Jurnal Silogisme Kajian Ilmu Matematika Dan Pembelajarannya, 5(2), 62. https://doi.org/10.24269/silogisme.v5i2.2850
79. Takizawa, Y., Bambling, M., Matsumoto, Y., Ishimoto, Y., & Edirippulige, S. (2023). Effectiveness of universal school-based social-emotional learning programs in promoting social-emotional skills, attitudes towards self and others, positive social behaviors, and improving emotional and conduct problems among Japanese children: a meta-analytic review [Review of Effectiveness of universal school-based social-emotional learning programs in promoting social-emotional skills, attitudes towards self and others, positive social behaviors, and improving emotional and conduct problems among Japanese children: a meta-analytic review]. Frontiers in Education, 8. Frontiers Media. https://doi.org/10.3389/feduc.2023.1228269
80. Tang, L., Allen, E., & Matt, J. (2023). A Comparative Study on Critical Thinking Skills of ISEC and Non-ISEC Teachers in Institutions of Higher Education in the North of China. Journal of Education and Training Studies, 12(1), 1. https://doi.org/10.11114/jets.v12i1.6438
81. Viado, A. L., & Department, J. A. E. (2023). The Collaborative-Individual Learning in Improving the Critical Thinking Skills of Secondary Students in the Philippines. International Journal of Multidisciplinary Applied Business and Education Research, 4(7), 2592. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.07.35
82. Villarama, J., Cruz, L. M. M. V. D., Barcelita, K. J. C., & Jose, B. J. (2025). RECONCEPTUALIZING ENGLISH LANGUAGE TEACHING IN THE PHILIPPINES: INTERPLAY OF JOURNALING AND EMOTIONS. LLT Journal A Journal on Language and Language Teaching, 28(2), 984. https://doi.org/10.24071/llt.v28i2.9067
83. Yasmar, R., Sulaikho, S., Munir, M. S., Asrori, I., & Machmudah, U. (2023). Penerapan HOTS (Higher Order Thinking Skills) dalam Eksplorasi Ide pada Mata Kuliah Kitabah. An-Nabighoh Jurnal Pendidikan Dan Pembelajaran Bahasa Arab, 25(2), 225. https://doi.org/10.32332/an-nabighoh.v25i2.7171
84. Yulianti, D., & Herpratiwi, H. (2024). Development of a science, environment, technology, and society-based learning module to foster critical thinking in elementary

students. Journal of Education and Learning (EduLearn), 18(4), 1372. https://doi.org/10.11591/edulearn.v18i4.21713

85. Yuliastrin, A., Vebrianto, R., & Fiqri, M. (2023). The Mapping of Students' Critical Thinking Ability on Vibration and Wave Material. SEJ (Science Education Journal), 7(2), 89. https://doi.org/10.21070/sej.v7i2.1633
86. Zhenzhen, Y. (2023). estado de las habilidades socioemocionales de los estudiantes de Filología Hispánica en China y las estrategias de la impregnación del aprendizaje socioemocional a la clase de literatura hispánica. Estudios, 47, 82. https://doi.org/10.15517/re.v0i47.57894